
3

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 6: Pagbubuo ng mga Tanong Matapos Mapakinggan ang Isang Teksto




ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

CO_Q2_Filipino 3_ Module 6

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 6: Pagbuo ng mga Tanong Matapos Mapakinggan ang Isang Teksto**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Irene C. Opinaldo, Raquel A. Tangga-an
**Editor:** Cristy S. Agudera**,** Lorna C. Ragos
**Tagasuri:** Maricel M. Jamero, Iris Kristine Mejos, Shiela L. Cambungga, Gloria C. Sabanal, Zimrose R. Pedrera, Angelica M. Mendoza
**Tagawasto:** Rhenan Nisperos, Iris Mejos
**Tagaguhit at Tagalapat:** Reygean Joyce B. Canlas, Precious Jean Enriquez, Jecson L. Oafallas, Oscar Edig at Charlie Tocmo
**Tagapamahala:** Allan G. Farnazo, Mary Jane B. Aldeguer, Analiza C. Almazan, Ma. Cielo D. Estrada, Mary Jane M. Mejorada, Josephine L. Fadul, Christine C. Bagacay, Lorna C. Ragos, Cristy S. Agudera, Alma D. Mercado

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City
Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 6: Pagbubuo ng mga Tanong Matapos Mapakinggan ang Isang Teksto

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy.

# Alamin

Kumusta ka na kaibigan? Binabati kita dahil nasagot mo ang mga nakaraan nating modyul. Ipagpapatuloy natin sa susunod na modyul ang mga gawain at kuwentuhan natin.



Marami akong gawaing inihanda para masubok ang iyong kaalaman tungkol dito. Basahing mabuti ang panuto sa bawat bahagi at isulat ang iyong mga sagot sa sagutang papel.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Nakabubuo ng mga tanong matapos mapakinggan ang isang teksto (F3PN-IIj-13).

Sa araling ito, matututuhan mong gamitin ang naunang kaalaman o karanasan sa pagbuo ng mga tanong matapos mapakinggan ang isang teksto.

Magpatulong ka sa iyong kapamilya para basahin ang mga teksto o kuwento. Puwede ka ring humingi ng gabay sa pakikinig ng teksto sa kamag-anak na nakatira o malapit sa inyong bahay tulad ng iyong tiya at tiyo.

- nakagagamit ang angkop na pagtatanong tungkol sa mga tao, bagay, lugar at pangyayari, ano, sino, saan, ilan, kailan, ano-ano, at sino-sino (F3WG-IIIa-B-)(F3Wg-IVab-6).

# *Subukin*



Pakinggan ang tekstong "Ang Bagong Sapatos ni Lito" na babasahin ng iyong kapamilya o **i** - *play* ang naka-record na tekstong binasa ng guro at gawin ang sumusunod:

**Gawain ng magulang/guro**

- *(Ipaliliwanag ang gawain sa bata)*

**Gawain ng mag – aaral**

- *(Sagutin ang gawain)*

Punan ng tamang salita ang patlang upang mabuo ang isang katanungan. Piliin mula sa kahon ang tamang sagot at isulat ito sa sagutang papel.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Ano | Sino | Saan | Kailan | Bakit |

1. __________ ang pangalan ng bata sa teksto?
2. __________ pumunta ang mag-ama?
3. __________ napalundag sa saya si Lito?
4. __________ naisipan ng tatay ni Lito na maglako ng mga prutas at gulay?
5. __________ ang nakipagpalitan ng paninda sa tatay ni Lit

# Aralin 1 — Pagbubuo ng mga Tanong Matapos Mapakinggan ang Isang Teksto

## *Balikan*

Sagutin ang bawat tanong mula sa kuwentong napakinggan na "Ang Bagong Sapatos ni Lito". Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Bakit napalundag sa saya si Lito?
   a. Nanalo siya sa paligsahan.
   b. Nagkaroon siya ng bagong sapatos.
   c. Binigyan siya ng bagong laruan.
2. Ano ang ginagawa ng nanay ni Lito sa bahay?
   a. nag –aalaga ng mga hayop
   b. nagtatanim ng mga halaman
   c. nag-aalaga sa kaniyang mga nakababatang kapatid
3. Kailan naisipan ng tatay ni Lito na maglako ng mga paninda?
   a. isang umaga
   b. isang hapon
   c. isang gabi
4. Saan naglako ng mga prutas at gulay ang tatay ni Lito?
   a. sa bayan
   b. sa siyudad
   c. sa baranggay
5. Paano nagkaroon ng bagong sapatos ang bata sa kuwento?
   a. Bumili ang tatay niya ng sapatos sa mall.
   b. Pinalitan ng sapatos ang tindang prutas ng tatay niya.
   c. Nakapulot sila ng sapatos sa bayan.

# *Tuklasin*

Pakinggan ang tekstong babasahin ng iyong kapamilya o i-*play* ang naka-*record* na tekstong binasa ng guro. Gawing katanungan ang bawat salaysay na ibinigay. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

Halimbawa: Masayang-masaya ang mga bata na naglaro sa labas dahil hindi bawal.

Sagot: Bakit masayang-masaya ang mga bata na naglaro sa labas?

1. Bawal lumabas ang mga bata at matatanda dahil sa nakamamatay na bayrus.

   a. Ano ang ipinagbabawal ng batas?
   b. Bakit bawal lumabas ang mga bata at matatanda?
   c. Sino ang nakaimbento ng bakuna para sa COVI-19?

2. Idineklara ng mayor ang *Enhanced Community Quarantine* sa buong lungsod.

   a. Sino ang nagdiklara ng *Enhanced Community Quaratine* sa buong lungsod?
   b. Paano kumalat ang nakahahawa at nakamamatay na bayrus?
   c. Bakit hindi makalabas ang mga bata at matatanda sa buong lungsod?

3. Kailangan ang *physical distancing* upang hindi mahawaan ng bayrus.
   a. Saan nagpunta ang mga bata at matatanda?
   b. Paano makalabas ng bahay para bumili ng pagkain?
   c. Ano ang kailangan upang hindi mahawaan ng bayrus?

4. Ang kasalukuyang kinatatakutang bayrus ay tinatawag na *Coronavirus o COVID-19*.

a. Bakit nakakatakot ang *Coronavirus o COVID-19*?
b. Ano ang tawag sa kasalukuyang kinatatakutang bayrus?
c. Saan nagmula ang kinatatakutang bayrus?

5. Puwede nang lumabas kapag nakahanap na ng lunas o bakuna ang pamahalaan para sa nakamamatay na bayrus.

a. Paano nakahanap ng gamot ang mga doctor?
b. Bakit kailangan natin ang bakuna?
c. Kailan puwedeng lumabas?



# *Suriin*

Sa pakikinig ng teksto, makabubuo ka ng mga tanong kapag pag-aralan at unawain mo ito nang mabuti.

Ang isang katanungan ay nagsisimula sa malaking titik at nagtatapos sa tandang pananong (?).

Mayroon tayong mga salita na ginagamit sa pagtatanong. Ito ay ang mga sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| *Sino* | - | ginagamit para sa tao |
| *Ano* | - | ginagamit para sa bagay, hayop, katangian, ideya o pangyayari |
| *Kailan* | - | ginagamit para sa panahon o petsa |
| *Saan* | - | ginagamit para sa pook o lugar |
| *Bakit* | - | ginagamit para sa dahilan |

Halimbawa:

Bakit mahalaga ang aklat sa pag-aaral ng mga batang tulad mo?

# *Pagyamanin*

## Gawain A

Sa tulong ng nakatatanda sa iyo, pakinggan mo ang tekstong kaniyang babasahin.

Ayusin ang tanong mula sa napakinggang teksto na nasa loob ng kahon. Siguraduhin lamang na nauna ang pinakamaikli at sa hulihan naman ang pinakamahaba na katanungan upang mabuo ang ***Question Pyramid.***

Kailan naintindihan ni Emil ang kanilang sitwasyon?

Bakit kinapos ng oras ang mga magulang ni Emil na tulungan siya sa paggawa ng kanyang mga takdang aralin?




Paano nakamit ni Emil ang Unang Karangalan at iba pang mga parangal?

Ano ang pamagat ng teksto?




## Gawain B

Pagtambalin ang mga katanungan mula sa binasang teksto na nasa hanay A sa mga larawang nasa hanay B. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

| A | B |
|---|---|
| 1. Paano tumutulong si Emil sa mga gawain sa silid-aralan? | a.  |
| 2. Ano ang gagawin mo upang hindi makagawa ng ingay sa silid? | b.  |
| 3. Saan dapat gawin ang takdang aralin? | c.  |
| 4. Sino ang nagtuturo ng leksiyon? | d.  |
| 5. Bakit nakatanggap si Emil ng medalya? | e.  |

# *Isaisip*

Punan ang mga patlang upang mabuo ang kaisipan.




# *Isagawa*

Pakinggan ang bawat tekstong babasahin ng iyong kapamilya o *i - play* ang bawat tekstong naka-*record* na binasa ng guro. Bumuo ka ng isang katanungan base sa iyong naintindihan sa bawat tekstong binasa.

1. Si Francis ay madalas kulang ang oras sa pagtulog dahil sa paglalaro ng *online games.* Hindi rin siya kumakain ng mga masustansiyang pagkain tulad ng prutas at gulay. Nag-aalala na ang kaniyang nanay sa kalusugan niya.

   Tanong:

   ___________________________________________________________

2. Maliit pa lamang si Kirby ay iniwan na siya ng kaniyang ina. Pumunta ito sa ibang bansa upang magtrabaho para matustusan ang pangangailangan ng pamilya. Ilang taon din ang bibilangin bago siya makauwi.

Tanong: ___________________________________________________

3. Pagkatapos kainin ni Akie ang kaniyang biniling saging ay basta na lamang niyang inihagis ang balat nito. Bigla niyang narinig ang isang malakas na sigaw. Paglingon niya may nadulas na pala sa semento dahil sa balat ng saging na hindi niya itinapon ng tama.

Tanong: ___________________________________________________

4. Mabait na bata si Mona. Lagi niyang sinusunod ang payo ng kaniyang mga magulang. Nagsisimba ang buong pamilya niya tuwing Linggo. Kapag may problema na dumarating sa kanila ay mahinahon lamang ang kaniyang mga magulang at nagdarasal agad sila upang makahanap ng solusyon dito.

Tanong: ___________________________________________________

5. Nakaugalian na ni Dennis ang pagsasabi ng totoo. Isang araw, nakapulot siya ng pitaka sa gilid ng kalsada na malapit sa kanila. Ibinigay niya agad ito sa kaniyang ina at agad na sinuri. Nalaman nila na pagmamay-ari pala ito ng kanilang kapitan na naglilibot kinaumagahan. Pumunta agad sila sa opisina ng baranggay at isinauli ang pitaka. Lubos naman ang pasasalamat ng kanilang kapitan.

Tanong: ___________________________________________________

## Tayahin

Pakinggan ang tekstong babasahin ng iyong kapamilya o *i-play* ang naka-record na tekstong binasa ng guro. Punan ang patlang upang makabuo ng katanungan.

1. Sino ______________________________
2. Ano ______________________________
3. Kailan ______________________________
4. Saan ______________________________
5. Bakit ______________________________

## Karagdagang Gawain

Pumili ka ng sinumang miyembro ng pamilya na nakatatanda sa iyo. Hayaan mo siyang ikuwento ang sarili niyang karanasan sa buhay. Maghanda ka ng limang katanungan na itatanong sa kaniya.

1. ______________________________
2. ______________________________
3. ______________________________
4. ______________________________
5. ______________________________

## Subukin

**Ang Bagong Sapatos ni Lito**
*Akda ni: Irene C. Opinaldo*

Mahirap lamang ang pamilya ni Lito. Walang permanenteng trabaho ang tatay niya. Nag-aalaga naman ang nanay niya sa kaniyang mga nakababatang kapatid.

Tulad ng ibang bata gustong-gusto ni Lito na magkaroon ng bagong sapatos. Ngunit hindi makabili ang tatay niya dahil laging inuuna ang pagkain.

Isang umaga, naisipan ng tatay niya na maglako ng mga prutas at gulay. Agad sumama si Lito sa tatay niya. Napadaan sila sa isang bangketa na nagtitinda ng iba't - ibang uri ng sapatos.

Tinawag ang tatay ni Lito ng isang lalaki.

"Tatay, halika po! Maari ko bang palitan ng sapatos ang tinda mo na saging?" Sambit ng nagtitinda ng sapatos na siya rin pala ang may-ari ng tindahan.

"Oo iyong pambata na sapatos para sa anak ko na ito", agad na sagot ng tatay ni Lito.

Napalundag si Lito sa tuwa! Dahil sa ***barter trade*** sa kanilang bayan nagkaroon siya ng bagong sapatos.

## Tuklasin

### Bakit Bawal Lumabas?

*Akda ni: Irene C. Opinaldo*

Noong nakaraang taon ay masayang-masaya ang mga bata na pumunta sa paaralan sa lungsod ng Tagum. Puwedeng sumakay ang mga bata sa motorsiklo o traysikel kasabay ang kanilang mga kapatid, kaklase at mga kaibigan at pati na rin mga magulang at sinumang pasahero. Ngunit, biglang nagbago ang lahat.

Idiniklara ng mayor ang ***"Enhanced Community Quarantine o ECQ"*** *sa* buong lungsod kaya hindi na puwedeng lumabas ang mga bata at matatanda. Hindi na rin puwedeng sumakay ng sabay dahil kailangan ang ***physical distancing*** upang hindi magkahawaan. Ito ay dahil sa delikado at nakamamatay na Coronavirus o **COVID-19.**

Kapag nakahanap na ang ating pamahalaan ng lunas o bakuna para rito, puwede na tayong lumabas.

## Pagyamanin

### Sipag at Tiyaga ang Kailangan

*Akda ni: Irene C. Opinaldo*

Si Emil ay isang mag-aaral na naghahangad na manguna sa klase. Ngunit kinakapos ng oras ang kaniyang mga magulang upang tulungan siya sa kaniyang mga gawain at takdang aralin. Maagang umaalis sa bahay ang kaniyang nanay at tatay at gabi na kung umuwi dahil sa paghahanapbuhay.

Sa murang edad ni Emil ay naintindihan na niya ang kanilang sitwasyon kaya pinili na lamang niya na magsikap at mag-aral ng mabuti. Hindi siya nagdadaldal sa klase. Tumutulong siya sa mga gawain sa silid-aralan. Higit sa lahat laging nakikinig sa mga leksiyon. Ginagawa rin niya ang lahat ng mga takdang - aralin na ibinigay ng kaniyang guro.

Sa pagtatapos ng panuruang taon, si Emil ang nagkamit sa Unang Karangalan. Nakatanggap siya ng medalya at iba pang mga parangal.
Masayang-masaya si Emil at ang mga magulang niya.

# Tayahin

## Mabait na Kaibigan

*Akda ni: Irene C. Opinaldo*

Magkapitbahay sina Melit at Rina.

Nag-iisang anak lamang si Melit habang si Rina ay may maraming kapatid. Magkasabay silang lumaki at pareho pa ang taon ng kanilang kapanganakan. Magkaklase rin sila mula kinder hanggang ngayon na nasa ikatlong baitang na sila.

Isang araw, binigyan sila ng kanilang guro ng proyekto. Maraming kagamitan ang kailangang bilihin. Walang pambili si Rina kaya labis na ang kaniyang pag-aalala.

Hindi sinabi ni Rina ang kaniyang problema ngunit alam na ito ni Melit. Pinahiram siya ni Melit ng mga gamit at pareho silang nakapasa ng proyekto.

| Aralin 2 | Angkop na Pagtatanong Gamit ang Ano, Sino, Saan, In, Kailan, Ano-ano, Sino-Sino Saan-saan |
|---|---|

## Balikan

Basahin ang dalawang maikling kuwento.

**Ang Hinog na Bayabas**
ni: Raquel A. Tangga-an

Nakita ni Lina ang maraming bunga sa bayabas kina Aling Marie. "Oh! Kay sarap kumain ng hinog na bayabas" sambit ni Lina sa hangin. Ngunit siya'y nahihiyang manghingi sa matandang si Aling Marie.

**Ang Ibong Maliit**
ni: Raquel A. Tangga-an

Palipad lipad ang ibong maliit sa himpapawid nang bigla niyang napansin ang hinog na prutas. Gusto niyang kumain upang maitawid ang gutom. Agad tinuka ang bayabas na ibig.

Sa pagkakataong ito kunin ang iyong lapis at papel at sagutin ang mga tanong.

1.Ano ang pamagat ng dalawang maikling kuwento?

2.Ano ang gustong kainin ni Lina?

3.Nakain ba ni Lina ang hinog na bayabas? Bakit?

4.Ano ang gusto ng maliit na ibon?


5.Paano nagkakatulad ang dalawang kuwento?

6.Sino sa dalawa ang gusto mong maging tauhan?

## *Tuklasin*

Basahin ang mga pangungusap at bumuo ng mga tanong gamit ang **Ano, Sino, Saan, Ilan, Kailan, Ano-ano, Sino-Sino Saan-saan**. Isulat ang mga sagot sa sagutang papel.

Umuwi nang maaga ang tatay.



1.______________________________

2.______________________________


Malakas ang tawa ng bata.



3.______________________________

4.____________________________________________

Tumalon sa tuwa ang dalaga nang manalo siya sa paligsahan ng pagkanta sa aming barangay.



5.____________________________________________

6.____________________________________________

7.____________________________________________

8.____________________________________________

## Suriin

Upang maunawaan ang buong detalye ng anumang iyong nababasa o naririnig kailangang matukoy ang mga importanteng impormasyon. At upang pagtatanong gumagamit tayo ng mga salitang **ano, sino, saan, kailan, ilan, sino-sino, ano-ano saan-saan**.

Dapat tandaan ang mga palatandaan na tumutukoy sa mga tanong. Ang **ano** ay ginagamit sa pagtatanong tungkol sa isang bagay. Ang **ano-ano** naman ay ginagamit sa dalawa o higit sa isang bagay.

Halimbawa:

Ano ang dala mong ulam?
Ano-ano ang mga natanggap mong pasalubong galing sa Tita?

Ang **sino** ay ginagamit sa pagtatanong tungkol sa tao. **Sino-sino** kung nagtatanong sa higit sa isa o maraming tao.

Halimbawa:

Sino ang kasama mo sa bahay?
Sino-sino ang dumating na mga bisita?

**Saan** tumutukoy sa pagtatanong sa lugar.
**Saan-saan** tumutukoy sa pagtatanong sa higit sa isa o maraming lugar.

Halimbawa:

Saan kayo nakatira?
Saan-saan na ang lugar na napuntahan mo?

Ang **kailan** ay ginagamit sa pagtatanong tungkol sa panahon.

Halimbawa:

Kailan kaya dumating ang mag-anak sa Manila?

**Ilan** ay ginagamit sa pagtatanong sa bilang.

Halimbawa:

Ilang sisiw mayroon ang inahing manok?

## *Pagyamanin*

**Gawain A.**

Gamitin ang angkop na salita sa pagtatanong. Isulat ang mga sagot sa sagutang papel.

1. _____________ang kasama niyang magsimba.




2. Jane, _______ka pupunta?



3. _________ang mga bata nagpakuha ng larawan?




4. ___________________ang magdadala ng ulam?



5. ________________lilipat ang pamilyang Cruz?



## Gawain B.

Isulat ang angkop na salita sa pagtatanong gamit ang **Ano, Sino, Saan, Kailan, Ilan, Sino-sino, Ano-ano at Saan-saan**. Isulat ang mga sagot sa sagutang papel.

1. ___________ang nasa loob bag ni Leo?

2. Umalis ang tatay kanina. _________kaya siya pupunta?

3. ___________kuwaderno ba ang kailangan mo para sa pasukan?

4.______________ang mga kasama niyang kumain sa karinderya?


5.______________tayo dapat na magsisimba?

## *Isaisip*

Tandaan:

Ang mga salitang **ano, sino, saan, kailan. ilan, sino-sino, ano-ano** ay ginagamit sa pagtatanong.

| | |
|---|---|
| ano – bagay | ano-ano -higit sa isang bagay |
| sino - tao | sino-sino -higit sa isang tao |
| saan- lugar | kailan- panahon |
| ilan-bilang | saan-saan-higit sa isang lugar |



Panuto: Pagtambalin ang hanay A sa Hanay B. Isulat ang tamang letra sa iyong papel.

| | |
|---|---|
| ____1.nagtatanong sa tao | A. Kailan |
| ____2.nagtatanong sa lugar | B. Ano |
| ____3.nagtatanong sa panahon | C. Saan |
| ____4.nagtatanong ng bilang | D. Sino |
| ____5.nagtatanong sa bagay | E. Ilan |

# *Isagawa*

Gamitin sa pangungusap ang **Ano, Sino, Saan Kailan, Ilan, Sino-sino Ano-ano** sa pagtatanong. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.

Araw ng sabado naglalaro ang mga bata ng tumbang preso sa labas ng bakuran nina Aling Mara.Masayang-masaya ang mga batang sina Luna, Mira, Ana, at si Pepe ang nagiging taya.



1.________ang naglalaro ng tumbang preso?

2.________sila na naglalaro ng tumbang preso?

3.________ang nilalaro ng mga bata?


4.________sila naglalaro ng tumbang preso sa bakuran ni Aling Mara?

5.________ang taya sa laro nila?

# *Tayahin*

Kumuha ng lapis at papel isulat ang wastong tanong na gagamitin at gawing batayan ang mga larawan sa pagsagot.

Jen, ____________ ang mga kasama mong mamasyal.



2. 


_____________ang bitbit ni Ana sa likod niya?

3. 

____________payong ang dala nila?

4. 

__________kayo aalis?
Mamaya ba o ngayon na?

5. 

Inay, ________ po ba tayo pupunta?


## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Sumulat ng nagtig-iisang pangungusap gamit ang angkop na salitang patanong. Isulat ang mga ito sa iyong papel.


1. (sino)




2. (ano)




3. (ilan )



4. (saan)



5. (kailan)



# Susi sa Pagwawasto

## Aralin 1

**Subukin**

1. Ano
2. Saan
3. Bakit
4. Kailan
5. Sino

**Balikan**

1. b
2. c
3. a
4. a
5. b

**Tuklasin**

1. b
2. a
3. c
4. b
5. c

**Isagawa**

Maaaring magkaiba ang mga tanong na kasagutan. (Answer may vary)

**Pagyamanin**

I.Ano ang pamagat ng teksto?
Kailan naintindihan ni Emil ang kanilang sitwasyon?
Paano nakamit ni Emil ang Unang Karangalan at iba pang Parangal?
Bakit kinapos ng oras ang mga magulang ni Emil na tulungan siya sa paggawa ng kaniyang mga takdang aralin?

II.
1.c
2.d
3.e
4.b
5.a

**Isaisip**

tanong
teksto

**Tayahin**

Maaaring magkaiba ang mga tanong na kasagutan. (Answer may vary)

**Karagdagang Gawain**

Maaaring magkaiba ang mga tanong na kasagutan. (Answer may vary)

**Tayahin**
Maaaring magkaiba ang mga tanong na kasagutan. (Answer may vary)

**Karagdagang Gawain**
Maaaring magkaiba ang mga tanong na kasagutan. (Answer may vary)

# Aralin 2

**Subukin**
**1. b**
**2.c**
**3. a**
**4. a**
**5. a**
**6.b**
**7.c**

**Balikan**
1. Hinog na Bayabas at Ang Ibong Maliit
2. hinog na bayabas
3. Hindi dahil nahiiya siyang humingi kay Aling Maning
4. Ang hinog na bayabas.
5. pareho nilang gustong kumain ng hinog na bayabas
6. Nakakain ang ibong maliit ng hinog na bayabas samantalang si Lina ay hindi.

**Tuklasin**
1.tatay, maaga
2. malakas, bata
3. Paligsahan sa pagkanta, sa aming barangay
4. Ang dalaga, nanalo sa paligsahan

**Suriin**
1.Sina Ada, Lina, Mira, Mara at Luna
2. plasa
3. 6 na batang babae
4. Araw ng sabado

**Isaisip**
1. sino
2. saan
3.ilan
4. sino-sino
5. kailan

**Gawain A**
1.d 2. c 3.a 4. e 5.d

**Gawain B.**
1.ano 2.saan 3. ilan 4. sino-sino 5.kailan

**Isagawa**
1. sino-sino 2.saan 3. Ano 4. Kailan 5.sino

**Tayahin**

1.sino-sino 2. Ano 3. Ilan 4. Kailan 5 saan

# *Sanggunian*

Opinaldo, Irene C. (2020).

*K* to 12 *Filipino Gabay Pangkurikulum sa Filipino.* Department of Education 2016, 53-54

*K to 12 Most Essential Learning Competencies for Filipino Grade 3.*

Department of Education Curriculum and Instruction Strand 2020, 150-153

Aragon, A. L., & Jocson, M. O. (2010). Bagong Filipino 3 (Sa Salita at Gawa). SD Publications, Inc. F3KM-IIae-1.2

Lalunio, L. P., & Ril, F. G. (2010). Hiyas sa Wika 4 (Batayang Aklat). LG&M Corporation. F3KM-IIae-1.2

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph